# PANUKALANG BATAS SA SENADO 43 (SB 43) AT LPS CONSERVATORSHIP

LOS ANGELES COUNTY DEPARTMENT OF MENTAL HEALTH
hope. recovery. wellbeing.

COUNTY OF LOS ANGELES Public Health
Substance Abuse Prevention and Control

## Ano ang LPS Conservatorship?

Sinusuportahan ng kasalukuyang batas sa ilalim ng mga Lanterman-Petris-Short Act (LPS) conservatorship ang indibidwal na hindi magagawang tugunan ang kanyang mga pangunahing pangangailangan o tumanggap ng boluntaryong paggamot dahil sa kanyang malubhang sakit sa kalusugan ng pag-iisip.

Sa ilalim ng LPS, may itatalagang **conservator** sa pamamagitan ng proseso sa hukuman para pangasiwaan ang pangangalaga ng conserved na tao sa loob ng limitadong panahon para:

- Pahintulutan at aprubahan ang psychiatric na paglalagay at paggamot
- Makipagtulungan sa mga clinician sa kalusugang medikal at kalusugan ng pag-iisip
- Magsaayos ng mga serbisyong pansuporta na nagtataguyod ng paggaling at kagalingan

Pinapamahalaan din ng LPS ang proseso para sa mga **hindi boluntaryong psychiatric na pag-hold**, na kadalasang tinatawag na 5150 hold para sa mga nasa hustong gulang at 5585 hold para sa mga menor de edad na wala pang 18 taong gulang.

## Paano Binabago ng SB 43 ang LPS Conservatorship?

Isinabatas ang panukalang Batas sa Senado 43 (SB43) ng Gobernador noong Oktubre 2023 at ina-update nito ang mga batas sa LPS conservatorship sa California sa unang pagkakataon sa loob ng mahigit 50 taon.

Mula noong Enero 1, 2024, pinapalawak ng SB 43 ang kahulugan ng “matinding kapansanan” sa buong Estado ng California sa dalawang paraan:

1. Idinaragdag ang malubhang sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal bilang dahilan para posibleng mailagay sa hindi boluntaryong pag-hold ang isang tao.
2. Idinaragdag ang kawalan ng kakayahang tugunan ang personal na kaligtasan o kinakailangang pangangalagang medikal bilang mga dahilan para posibleng mailagay sa hindi boluntaryong pag-hold ang isang tao kung ang kawalan ng kakayahan ay dahil sa kanyang kalusugan ng pag-iisip o sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal.

Kahulugan ng **“matinding kapansanan”**:

- Kahulugan bago ang Enero 1, 2024:
  - Isang kondisyon kung saan ang isang tao, bilang resulta ng sakit sa kalusugan ng pag-iisip, ay hindi magawang tugunan ang kanyang mga pangunahing personal na pangangailangan para sa pagkain, pananamit, o tirahan.
- Bagong Kahulugan sa ilalim ng SB 43:
  - Isang kondisyon kung saan ang isang tao, bilang resulta ng sakit sa kalusugan ng pag-iisip, *malubhang sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, o magkasabay na sakit sa kalusugan ng pag-iisip at malubhang sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal,* ay hindi magawang tugunan ang kanyang mga pangunahing personal na pangangailangan para sa pagkain, pananamit, tirahan, personal na kaligtasan, o kinakailangang pangangalagang medikal.

Tandaan: naaangkop lang sa mga nasa hustong gulang ang bagong kahulugan.

Sa Los Angeles County, magsisimula sa Enero 1, 2026 ang karamihan ng mga pagbabago sa SB 43.

## Ano ang Hindi Magbabago sa Ilalim ng SB 43?

- Ang isang Taong nire-refer para sa 5150/5585 ay DAPAT makatugon sa mga pamantayan para sa "matinding kapansanan"
- Ang conservatorship at mga pamamaraan sa 5150/5585 ay nagbibigay-daan sa mga indibidwal na panatilihin ang awtoridad nilang gumawa ng sarili nilang mga medikal na desisyon
- Umaasa ang kakayahan ng isang tao na tumanggi sa pangangalagang medikal sa kanyang kakayahang magbigay-pahintulot. Ang kawalan ng kakayahang magbigay-pahintulot ay puwedeng mangailangan ng interbensyong iniuutos ng hukuman.

## Karagdagang Impormasyon sa LPS Conservatorship

- Ang conservator ay puwedeng taong pipiliin ng conserved na tao o taong itinalaga ng hukuman.
- Nilalayon ng County ng Los Angeles na tulungan ang mga indibidwal sa mga setting na hindi gaanong naghihigpit na posible at nananatiling nakatuon sa pagkonekta muna sa mga tao sa mga boluntaryong serbisyo sa pamamagitan ng pakikibahagi at mga interbensyon, tulad ng Full Service Partnerships (FSP), Assisted Outpatient Treatment (AOT), o programa ng Community Assistance, Recovery and Empowerment (CARE Act).
- Ang mga referral para sa LPS conservatorship ay isinusumite ng mga sinanay na medikal na eksperto sa mga itinalagang ospital/pasilidad at ng team sa Homeless Outreach Mobile Engagement (HOME) ng Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng Los Angeles County (Los Angeles County Department of Mental Health, LACDMH).
- Ang Office of the Public Guardian (OPG), bilang tagapagsiyasat ng conservatorship ng county, ang tumatanggap ng referral.
- Kung mapagpasyahan ng OPG na natutugunan ng referral ang mga pamantayan, magpepetisyon ang OPG para sa pansamantalang conservatorship at magsisiyasat ito kung kinakailangan ang permanenteng conservatorship o kung may mga naaangkop na alternatibo sa conservatorship.

## Paano Ako Matututo Pa o Makakakuha ng Tulong?

Para malaman pa ang tungkol sa **SB 43**, **Office of the Public Guardian ng LACDMH**, **Programa ng CARE**, at **Assisted Outpatient Treatment (AOT)**, mangyaring bumisita sa website ng LACDMH sa dmh.lacounty.gov.

## Ehekutibong Komite sa Pamamatnubay ng SB 43

Para tiyakin ang pagtutulungan at madaling pagpapatupad, pinagpulong ng County ng Los Angeles ang Ehekutibong Komite sa Pamamatnubay na binubuo ng mga Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip at Pampublikong Kalusugan, pati maraming stakeholder.

Para sa mga tanong na may kaugnayan sa SB 43 o para humiling ng presentasyon, mangyaring mag-email sa SB43@dmh.lacounty.gov.

## Mga Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Kontroladong Kemikal

Naaapektuhan ng sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal (substance use disorder, SUD) ang mga indibidwal at komunidad sa buong bansa, kung saan may mahigit 48 milyong Amerikanong nasa edad na 12 pataas na namumuhay nang may SUD. Makikita mo ang higit pang impormasyon tungkol sa available na mga serbisyo para sa SUD sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Kawanihan ng Pag-iwas at Pagkontrol sa Pang-aabuso sa Kontroladong Kemikal sa ph.lacounty.gov/sapc/.

## Mga Contact at Sanggunian

Kung ikaw o sinumang kakilala mo ay naghihirap dahil sa sakit sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit

ng kontroladong kemikal, tawagan ang Linya ng Tulong para sa Kalusugan ng Pag-iisip at Paggamit ng Kontroladong Kemikal ng Los Angeles County sa 1-800-854-7771, na naa-access nang 24/7.

Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng Los Angeles County:

- Assisted Outpatient Treatment (AOT-LA) - dmh.lacounty.gov/our-services/countywide-services/aotla/
- CARE Court Program - dmh.lacounty.gov/court-programs/care-court/
- Office of the Public Guardian - dmh.lacounty.gov/our-services/public-guardian/

Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County – Pag-iwas at Pagkontrol sa Paggamit ng Kontroladong Kemikal:

- RecoverLA.org. Para sa mobile-friendly na gabay sa sanggunian para sa paggamit ng kontroladong kemikal.
- Service and Bed Availability Tool (SBAT). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga available na provider ng paggamot sa SUD na malapit sa iyo, mangyaring pumunta sa SUDHelpLA.org

**Para sa glosaryo ng mga katawagan kaugnay sa SB 43 at para tumingin ng listahan ng mga posibleng indicator at sintomas, mangyaring bumisita sa website ng LACDMH sa dmh.lacounty.gov/sb43 o i-scan ang QR code na ito*